## ANO ANG PINOPONDOHAN NG MGA RATE NG IMBURNAL?

Ang Distrito ay nagbibigay ng mga serbisyo ng pagkolekta, paglilinis, at pagtatapon ng waste water sa mga lungsod ng Fairfield at Suisun City. Ang distrito ay nangangasiwa sa isang planta sa paglilinis ng wastewater na nagpoproseso ng tinatayang 15 milyong galon bawat araw; 13 istasyon sa pagbomba ng basurang tubig; at 70 milya ng mga tubo ng imburnal at iba pang mga may kaugnayang pasilidad.

Ang Distrito ay nagmumungkahi  ng limang taong iskedyul ng rate, taun-taon na nagsasaayos ng mga rate ng imburnal para  ipakita ang epekto ng mga pagbabago sa halaga ng pagbibigay ng serbisyo. Ang huling nasabing limang taong iskedyul ay pinagtibay noong 2017.

Bilang resulta ng Pag-aaral sa Gastos ng Serbisyo at Rate na tinapos ng isang independiyenteng tagapayo, nais pagtibayin ng Distrito ang bagong limang taon na iskedyul ng rate upang patuloy na suportahan ang nagpapatuloy na mga operasyon ng Distrito, tumaas na mga kinakailangan sa regulasyon, at mga kinakailangang kapital para sa kritikal na imprastraktura.

## IMINUMUNGKAHING BAGONG MGA RATE NG IMBURNAL

Ang iminungkahing bagong mga rate ng imburnal ay binuo sa pamamagitan ng proseso ng pag-aaral ng rate. Ginamit ng pag-aaral ng rate ang 10-taong pinansyal na plano ng Distrito At sinusuri ang halaga ng serbisyo upang matukoy ang kitang kinakailangan. Ang mga kinakailangan sa kita ay proporsyonal sa pagitan ng iba't ibang klase ng kostumer batay sa kanilang mga epekto sa sistema.

Inirerekomenda ng pag-aaral sa rate ang pangkalahatang pagtaas ng kita sa rate at mga update sa gastos ng serbisyo. Ang iminungkahing limang taon na iskedyul ng rate na pinag-iisipan ng Distrito para pagtibayin ay ipinapakita sa Talahanayan 1.

Ang karagdagang impormasyon sa iminungkahing iskedyul ng rate ay makukuha sa 2022 Sewer Rate and Capacity Charge Study, na inihanda ng Hildebrand Consulting, LLC., (2022 Sewer Rate Study). Ang ulat ay makukuha online sa www.fssd.com.

www.fssd.com

PRSRT
U.S.POSTAGE
PAID
PERMIT#136
FAIRFIELD, CA

FAIRFIELD-SUISUN SEWER DISTRICT
1010 CHADBOURNE ROAD, FAIRFIELD, CA 94534

**MAHALAGANG IMPORMASYON**
**TUNGKOL SA IMINUMUNGKAHING MGA PAGBABAGO**
**SA MGA RATE NG BASURANG TUBIG**

*Kung gusto mong makuha ang abisong ito sa ibang wika Mangyaring bisitahin ang **fssd.com** o tumawag sa 707-429-8930*

***Mahalagang Irnpormasyon** tungkol sa mga iminungkahing pagbabago sa mga rate ng wastewater. Kung nais mong matanggap ang pabatid na ito sa ibang wika. mangyaring bisitahin ang **fssd.com** o tumawag sa 707-428-8930.*

***Kailangan ng tulong sa singilin ng iyong wastewater?***
*Ang Distrito ng Fairfield-Suisun Sewer ay panatilihing updated ang **lssd.com** ng mga impormasyon at link sa mga mapagkukunan para sa tulong na pagpopondo sa mga kostumer ng wastewater.*

FAIRFIELD-SUISUN SEWER DISTRICT

# PABATID NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG SA IMMINUMUNGKAHING PAGTAAS SA MGA RATE NG IMBURNAL

**Lunes, Marso 28, 2022   /   6:00 p.m.**
o sa lalong madaling panahon kapag ang usapin ay naabot na sa agenda

**SAAN**: District Board Room
1010 Chadbourne Rd, Fairfield, CA 94534

**PARA LUMAHOK:** Dahil sa pandemyang coronavirus, hindi pa alam sa panahon ng pagpapadalang ito kung ang pagpupulong ng Lupon ng Mga Direktor ay gaganapin nang personal o sa pamamagitan ng videoconference. Maaari mong alamin dito (https://www.fssd.com/board-meetings-agenda/) pagkatapos ng Marso 25, 2022.

**ANG PABATID AY IBINIBIGAY** na pinag-iisipang pagtibayin ng Fairfield-Suisun Sewer District ang bagong limang taong iskedyul ng rate ng imburnal alinsunod sa Artikulo XIII.D, seksyon 6 ng Konstitusyon ng California (kilala rin bilang Proposition 218). Sa pampublikong pagdinig, ang Lupon ng Mga Direktor ay tatanggap ng mga pasalita at nakasulat na testimonya, pati na rin ng mga nakasulat na protesta. Tungkol sa mga rate ng imburnal.



## BAKIT KO NATANGGAP ANG PABATID NA ITO?

Natanggap mo ang pabatid na ito dahil ipinapakita ng aming mga tala na ikaw ay nakalista bilang may hawak ng account at/o ang may-ari ng isang parcel na tumatanggap ng serbisyo ng imburnal mula sa Fairfield Suisun Sewer District (Distrito). Ang layunin ng pabatid na ito ay para  mabigyan ka ng impormasyon tungkol sa iminumungkahing bagong pinataas na mga rate ng imburnal at kung paano ka makakalahok sa proseso ng pagtatakda ng rate.

## PAMAMARAAN NG PAGKALKULA NG RATE

Ang kita ng rate ay mula sa iba't ibang klase ng kostumer na nangangailangan ng magkaibang serbisyo para linisin ang wastewater. Ang iminumungkahing istraktura para sa Mga Bayarin sa Serbisyo ng Imburnal ay naaalinsunod sa karaniwang kasanayan sa industriya, at dinisenyo para mabawi ang ginastos sa pagbibigay ng mga serbisyo ng imburnal sa iba't ibang klase ng kostumer.

- Ang mga residensyal na kostumer ay nagbabayad ngisang tiyak na halaga batay sa bilang ng mga tinitirahang yunit. Ang mga residensyal na kostumer ay nagbabayad ng tiyak na buwanang singilin sa account na kasama sa rate ng bawat tirahan.
- Ang karamihan sa mga komersyal/industriyal na kostumer ay sinisingil ng rate batay sa bolyum ng nagamit na tubig (sinusukat sa daang kubikong talampakan) pati na ang tiyak na buwanang singilin sa account. Ang mga komersyal/industriyal na kostumer ay nahahati sa regular na lakas o mataas na lakas depende sa paglabas ng wastewater.
- Ang mga kaso por kasong kostumer ay mga industriyal/komersyal na mga kostumer na may mataas na pag-agos, mataas ang konsentrasyon ng paglabas sa sistema ng imburnal, o may mga espesyal na pangangailangan sa paglabas. Ang mga kaso por kasong kostumer ay sinisingil batay sa kombinasyon ng buwanang paglabas (sinusukat sa milyong galon) pati na ang "lakas ng imburnal" na kailangan para linisin ang mga lumalabas. Ang lakas ng imburnal ay sinusukat sa pamamagitan ng bayokemikal na pangangailangan ng oksiheno (biochemical oxygen demand, BOD) at kabuuang mga suspendidong solido (total suspended solids, TSS).

## PAANO AKO MAGPOPROTESTA?

Ang Proposisyon 218 ay nagpapahintulot sa may-aring nakatala o sa nangungupahan na tumatanggap ng serbisyo ng imburnal sa parsela na magsumite ng nakasulat na protesta sa o bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig sa Marso 28, 2022 . Kung ang taong lumagda sa protesta ay may-ari ng parsela ngunit hindi nakalista bilang may-ari sa huling equalized assessment roll para sa Solano County, ang protesta ay dapat na samahan ng nakasulat na katibayan na ang lumagda ay kasalukuyang nagmamay-ari ng ari-arian. Sa mga sitwasyong pag-upa, kung ang nangungupahan ang may hawak ng account ng utilidad para sa serbisyo ng imburnal, ang nangungupahan ay may karapatan ding magsumite ng nakasulat na protesta para sa ari-arian. Isang protesta lamang bawat ari-arian ang bibilangin. Kung ang mga wastong protesta ay isinampa sa ngalan ng karamihan ng mga ari-arian na tumatanggap ng serbisyo ng imburnal, ang tumaas na Mga Singilin sa Serbisyo ng Imburnal ay hindi pagtitibayin.

## TALAHANAYAN 1 - IMINUMUNGKAHING 5-TAONG ISKEDYUL NG RATE NG IMBURNAL

| Petsa ng Pagiging Epektibo: | Hulyo 1, 2022 | Hulyo 1, 2023 | Hulyo 1, 2024 | Hulyo 1, 2025 | Hulyo 1, 2026 | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Residensyal (buwanan)** [1] | $45.02 | $47.27 | $49.63 | $51.62 | $53.68 | Kada yunit na tirahan |
| **Komersyal** | | | | | | |
| Buwanang Singilin sa Account | $11.97 | $12.57 | $13.20 | $33.73 | $14.28 | Kada account kada buwan |
| at | | | | | | |
| Regular na Lakas na Bolyumetriko [2] | $3.60 | $3.78 | $3.97 | $4.3.3 | $4.30 | Kada daang kubikong talampakan (HCF) |
| o | | | | | | |
| Mataas na Lakas na Bolyumetriko [3] | $6.23 | $6.54 | $6.87 | $7.14 | $7.43 | Kada HCF |
| **Kaso por Kaso** [4] | | | | | | |
| Buwanang Singilin sa Account | $11.97 | $12.57 | $13.20 | $13.73 | $14.28 | Kada account kada buwan |
| at | | | | | | |
| Bolyumetriko (direktang koneksyon) [5] | $2,994.65 | $3,144.39 | $3,301.61 | $3,433.67 | $3,571.02 | Kada MG |
| o | | | | | | |
| Bolyumetriko (gamit ang lokal na koleksyon) | $4,398.40 | $4,618.32 | $4,849.24 | $5,043.21 | $5,244.94 | Kada MG |
| at | | | | | | |
| BOD (batay sa bigat) | $503.54 | $528.72 | $555.16 | $577.37 | $600.46 | Kada 1000 lbs |
| at | | | | | | |
| TSS (batay sa bigat) | $255.55 | $268.33 | $281.75 | $293.02 | $304.74 | Kada 1000 lbs |
| **Travis Air Force Base (bolyumetriko)** | $2.90 | $3.05 | $3.20 | $3.33 | $3.46 | Kada HCF |

[1] Tirahan ng solong pamilya, tirahan ng maramihang pamilya, mga trailer court, at mga mobile home park

[2] Mga opisina, tingian, tindahan, hotel, motel, paaralan, simbahan, ospital, nursing home, laundromat, dry deaning, mga establisyimento, bar na walang pasilidad sa pagkain, mga car wash na walang auto steam cleaning facility, iba pang komersyal o industriyal na mga kostumer na hindi nililinis ng mataas na lakas o bilang kaso por kaso.

[3] Mga komersyal na laundry, restaurant at bar na may pasilidad sa pagkain, service station na may holding tank dumping facility, car wash na may auto steam cleaning facility, panaderya at pagproseso ng pagkain, iba pang komersyal o industriyal na kostumer na may konsentrasyon na higit sa 200 milligram bawat litro ng biochemical oxygen demand (BOD ) o 265 milligram kada litro ng kabuuang suspended solids (TSS), ngunit mas mababa sa mga konsentrasyon na tinukoy para sa bawat kaso.

[4] Lahat ng komersyal o pang-industriya na kostumer maliban sa mga tinukoy bilang regular o mataas na lakas na may daloy na higit sa 0.005 milyong galon bawat araw (MGD), o may mga konsentrasyon na higit sa 65 mg/l BOD o 1,000 mg/l TSS; lahat ng pasulput-sulpot na mga kostumer; at sinumang komersyal o industriyal na kostumer na humihiling at nagbabayad ng buong halaga ng pagsukat at pagsubok.

[5] Para sa mga kostumer na direktang naghahatid ng wastewater sa mga tubo ng sistema ng koleksyon na 12° o mas mataas.

## PAANO AKO MAGPOPROTESTA?

1. Nakasulat na may orihinal na lagda mula sa may-ari ng ari-arianng nakatala o nangungupahan na direktang mananagot para sa pagbabayad ng may-ari ng bayarin/account.
2. Tukuyin ang parsela kung saan inihain ang protesta, sa pamamagitan ng address ng kalye o Assessor's Parcel Number (APN).
3. Sabihin na ang lumagda ay sumasalungat sa mga iminungkahing rate ng imburnal.
4. Matanggap ng Distrito sa o bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig na magsisimula sa 6:00 p.m. ng Marso 28, 2022. Ang isang protesta ay maaaring ipadala sa Director of Administrative Services sa 1010 Chadbourne Road, Fairfield, California 94534.

Ang email, fax, tawag sa telepono, at pasalitang protesta ng anumang uri ay hindi bibilangin. Ang mga ipinadalang protesta na natanggap pagkatapos magsara ng pampublikong pagdinig ay hindi bibilangiin, kahit na ang mga ito ay nai-postmark nang mas maaga.
Maabisuhan na alinsunod sa Code ng Gobyerno Seksyon 53759(d) ay mayroong 120-araw na batas ng limitasyon para sa anumang hamon sa bago, pinataas o pinalawig na bayarin o singilin.

## MGA TANONG?

Para sa karagdagang impormasyon o para magtanong, mangyaring tumawag sa (707) 429-8930 Lunes hanggang Huwebes mula 8:00 A.M. hanggang 5:00 P.M o bisitahin ang www.fssd.com.